



United States Department of Agriculture

Checklist para sa Paggamit ng isang Perimeter Buffer Area

Kapag nag-aalaga sa iyong manok, kailangan mong ma-access ang pang-araw-araw na mga supply at kagamitan. Kasabay nito, kailangan mong maiwasan ang pagdala sa paligid ng mga mikrobyo na maaaring magdulot ng sakit sa iyong mga ibon. Ang pagkakaroon ng malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng iyong lugar ng manok (kung saan pinananatili ang iyong mga ibon) at ang iba pa sa mundo ay makakatulong sa iyo na matugunan ang parehong pangangailangan na ito. Maaari kang magtatag ng isang perimeter buffer area: isang zone sa labas ng iyong mga enclosure ng ibon na nagbibigay sa iyo ng puwang para magtrabaho habang pinangangalagaan ang iyong mga ibon, ngunit hiwalay mula sa natitirang bahagi ng iyong pag-aari. Sa mga maliit na bukid at sa mga likod-bahay, ito ay maaaring isang lugar sa paligid ng kulungan o kamalig kung saan mo itinatago ang iyong lalagyan ng patuka at kagamitan. Sa mas malalaking bukid, maaaring kabilang sa perimeter buffer area ang mga lalagyan ng patuka, kamalig ng pataba, lugar para sa pag-compost, silid ng mga itlog, generator, at silid ng pambomba. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nagpapalaki ng mga ibon bilang libangan, ang pagpapanatili ng mga aktibidad na may kaugnayan sa ibon sa loob ng isang perimeter buffer area--at hindi isinasama rito ang mga aktibidad na walang kaugnayan sa ibon--ay makakatulong na maiwasang magkasakit ang iyong mga manok.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.



Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihin ang malusog ang iyong mga kawan.



I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! **Numero ng Telepono**

Beterinaryo

Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

866.536.7593



Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman



✓ Checklist: Mga tip para sa Paggamit ng Perimeter Buffer Area

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- Itatag ang perimeter buffer area na may sapat na puwang upang makumpleto ang lahat ng iyong mga normal na gawain na nauugnay sa ibon** (maliban sa pag-alis ng mga patay na ibon) nang hindi umaalis sa lugar ng buffer.
- Magsama ng isang mapa na malinaw na binabalangkas ang perimeter buffer area sa iyong planong pang-biosecurity.** Ilista ang mga patakaran na dapat sundin ng mga tao kapag pumapasok o umaalis sa lugar na ito. Magbigay ng pagsasanay at magpaskil ng mga karatula upang ipaalala sa mga tao ang mga hakbang na kailangan nilang gawin.
- Huwag papasukin ang mga di-mahahalagang tao at bagay, kabilang ang mga sasakyan sa buffer area.** Magkaroon ng isang parking area sa labas ng buffer area, na may malinaw na pasukan na malapit sa buffer area.
- Hilingin na linisin at disimpektahin ang anumang sasakyan o kagamitan na pumapasok sa perimeter buffer area** bago pumasok at bago umalis sa buffer area.
- Pag-isipang maglagay ng isang naka-lock na harang sa pasukan ng site.** Kung hindi ito posible, magpaskil ng mga karatula sa pasukan ng perimeter buffer area upang maiwasan ang hindi awtorisadong pag-access.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatiliing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.

